## Mga serbisyo sa interpretasyon

Kung gusto mo na makipag-usap sa isang espesyalista sa pagreretiro sa DRS, pakisuyong kontakin kami. Makikipagtulungan sa iyo ang isang espesyalista sa pagreretiro at isang propesiyonal na serbisyo sa pagpapaliwanag upang ibigay ang impormasyong kailangan mo.

## Paano ako magreretiro sa DRS?

Kung handa ka nang magretiro, may ilang mga bagay na kailangan mong gawin bago mo maaaring simulan ang pagtanggap ng iyong mga benepisyo sa pensiyon. Suriin ang mga hakbang at impormasyon sa ibaba para simulan ang proseso.

1. Humiling ng opisyal na pagtatantiya ng benepisyo mga tatlo hanggang 12 buwan bago ang petsa ng iyong pagreretiro. Gawin ang kahilingang ito sa pamamagitan ng iyong online account o sa pamamagitan ng pagkontak sa amin. Sa karamihang mga kaso, ibibigay namin ang iyong pagtatantiya lima hanggang walong linggo bago ang petsa ng iyong pagreretiro. Kung hindi mo pa natatanggap ang iyong hiniling na pagtatantiya sa loob ng limang linggo ng petsa ng iyong pagreretiro, kontakin kami.

   Ang mga pagtatantiya ay binibigyang-priyoridad ayon sa petsa ng pagreretiro, na nagpapahintulot sa amin na gamitin ang pinakabagong impormasyong magagamit para sa iyo at nagbibigay sa iyo ng sapat na oras upang isumite ang iyong aplikasyon sa pagreretiro. Isang opisyal na pagtatantiya ng benepisyo ay hindi katulad ng tagatantiya ng benepisyo na kagamitan na available sa lahat ng mga customer. Para maalalayan ka sa pagpaplano ng iyong pagreretiro anumang oras bago o pagkatapos hilingin ang iyong opisyal na benepisyo, maaari mong gamitin ang tagatantiya ng benepisyo na kagamitan sa pamamagitan ng iyong online account.

2. Kumpletuhin ang aplikasyon para sa pagreretiro nang hindi bababa sa limang linggo mula sa petsa na gusto mong mag retiro (kapag natanggap mo ang iyong opisyal na pagtatantiya). Kumpletuhin ang aplikasyon online o humiling ng papel na form.

**Mga petsa ng pagreretiro.**

Ang iyong petsa ng pagreretiro ay ang una ng buwan pagkatapos ng iyong pagtatapos ng trabaho at ikaw ay magiging karapat-dapat sa pagreretiro.

Halimbawa 1

Kung ang iyong huling araw ng pagtatrabaho ay Hulyo 16, ang petsa ng iyong pagreretiro ay maaaring Agosto 1, kung natugunan mo ang edad at mga kinakailangan sa serbisyo. Kung pinili mong magtrabaho o gumamit ng bakasyon sa una ng buwan, ang petsa ng iyong pagreretiro ay ang una sa susunod na buwan at matatanggap mo ang iyong unang bayad sa pensiyon sa katapusan ng buwang iyon.

Halimbawa 2

Kung ang huling araw ng iyong pagtatrabaho ay Hunyo 1, ang iyong pinakamaagang petsa ng pagreretiro ay Hulyo 1, at ang iyong unang bayad sa pensiyon ay sa katapusan ng Hulyo.

Tinatapos ng karamihan sa mga tao ang kanilang pagtatrabaho malapit sa katapusan ng buwan para mabawasan ang dami ng oras na aalis sila nang walang kita.

**Paglalaan para sa nakaligtas**

Maaari mong bawasan ang iyong buwanang benepisyo upang magbigay ng panghabambuhay na buwanang benepisyo sa isang nakaligtas. Kapag pumipili ng nakaligtas na opsyon, tinutukoy ng kabuoang inaasahang haba ng buhay para sa'yo at sa iyong nakaligtas ang eksaktong porsyento ng pagbabawas sa mga opsyon na ito, kaya mas bata ang nakaligtas, mas malaki ang pagbabawas. Suriin ang iyong pagtatantya ng benepisyo upang makita ang pagbawas at mga halaga ng benepisyo para sa bawat opsyon. Kung ang iyong nakaligtas ay naunang mamatay kaysa sa'yo, maaari mong hilingin na ang iyong benepisyo ay iakma sa Opsyon 1 simula sa buwan pagkatapos ng kamatayan ng iyong nakaligtas.

**Gusto mo bang bumili ng karagdagang taunang kabayaran?**

Ito ay opsiyonal na taunang kabayaran na maaari mong bilhin para madagdagan ang iyong mga bayad ng pensiyon sa pagreretiro. Kapag naproseso na namin ang iyong pagreretiro, magpapadala kami ng kuwenta para sa halaga ng taunang kabayaran na iyong hiniling. Mayroon kang hanggang 90 araw pagkatapos ng iyong pagreretiro, o pagkatapos mong matanggap ang iyong kuwenta (anuman ang mas huli), para magbayad. Sa sandaling mabayaran mo ang bayarin, tataas ang iyong buwanang pagbabayad ng pensiyon upang isama ang buwanang benepisyo na ibinibigay ng iyong bagong biling taunang kabayaran. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga taunang kabayaran, bisitahin ang drs.wa.gov/annuity.

**Mga bagay na dapat isaalang-alang**

Plano mo bang bumalik sa trabaho sa pampublikong serbisyo pagkatapos mong magretiro?

Para maiwasang makansela ang iyong mga kabayaran sa pensiyon, kailangan na mayroong hindi bababa sa 30 na araw pagkatapos ng petsa ng pagreretiro sa iyong aplikasyon bago bumalik sa trabaho para sa sakop ng DRS na employer. Kahit pagkatapos ng 30 araw, ang iyong benepisyo ay maaaring maapektuhan depende sa iyong posisyon at sa bilang ng mga oras na nagtatrabaho ka.

Kung sa tingin mo ay maaaring bumalik ka sa trabaho, kontakin kami para malaman kung maaapektuhan ba ang iyong benepisyo. Tingnan ang Pagbalik sa Trabaho (drs.wa.gov/life/return/).

**Mayroon ka bang DCP?**

Ang Ipinagpapaliban Kabayaran na Programa (IKP) ay isang karagdagang ipon sa pagreretiro na programa bilang karagdagan sa iyong plano sa pagreretiro na account. Ang account na ito ay nakabukod, at maaari kang pumili kung kailan at paano mo gagamitin ang iyong mga pondo. Kung ang iyong employer ay magbigay ng kabayaran para sa mga hindi nagamit na taunang bakasyon o sick leave, isaalang-alang ang pagpapaliban sa mga pagkuha ng pera na ito sa IKP upang mapakinabangan ng higit ang iyong mga kontribusyon. Ang mga buwis ay hindi binabayaran sa perang ito hanggang sa kunin mo ito sa iyong account. Nalalapat ang mga hangganang limitasyon, at dapat lumahok ang iyong employer sa IKP para ikaw ay maging karapat-dapat.

Upang samantalahin ang mga pagkuha ng pera para sa leave, makipag-ugnayan sa DRS sa 800-547-6657 nang hindi bababa sa 30 araw bago ka mabayaran sa iyong pagkuha ng pera kapalit ng leave. Kailangan mo ang impormasyong ito mula sa opisina ng payroll ng iyong employer.

- Ang dolyar na halaga ng iyong pagkuha ng pera kapalit ng leave ay magagamit para sa IKP na pagpapaliban (pagkatapos ng OASDI at Medicare)
- Ang petsa na mababayaran ang pagkuha ng pera kapalit ng leave

**Mayroon ka bang mga bawas?**

Maaaring awtomatikong ilipat ang mga pagbabawas ng organisasyon sa iyong mga buwanang pagbabayad ng pensiyon. Hindi kayang palitan o alisin ng DRS ang mga ito.

Pinagsamang Pondo na Kampanya (PPK) na mga donasyon:
Awtomatikong inilalapat ng PPK ang anumang mga kontribusyon sa payroll na ginagawa ng mga aktibong empleyado sa kanilang mga pagbabayad sa pagreretiro. I-update ang iyong mga pagpipilian sa pamamagitan ng PPK.

Iba pang mga bawas:
Kung mayroon kang mga pagbabawas mula sa ibang organisasyon, tulad ng KRPE (Konseho ng mga Retiradong Pampublikong Empleyado), kakailanganin mong kontakin ang mga organisasyon na ito para palitan o alisin ang mga pagbabawas.

**Nararapat ka ba para sa medikal at dental na sakop?**
Ang Awtoridad para sa Pangangalaga sa Kalusugan (APK) ay nag-aalok ng itinataguyod ng estado na medikal at dental na sakop sa mga retirado na mula sa mga distrito ng paaralan, mga employer sa mas mataas na edukasyon at mga ahensya ng estado. Para makalahok, dapat kang magpatala sa loob ng 60 araw ng iyong paghihiwalay.

Ang iyong kasalukuyang mga medikal at dental na plano ay maaaring mag-alok ng saklaw pagkatapos ng pagreretiro. Kontakin ang iyong employer o tagapagbigay ng seguro para matuto pa ng higit.

**Nagreretiro ka ba bilang isang opisyal para sa kaligtasan ng publiko?**
Kung ikaw ay nagreretiro bilang isang opisyal para sa kaligtasan ng publiko, maaari mong ibukod ang hanggang $3,000 ng iyong mga kwalipikadong premium ng insurance sa kalusugan, aksidente at pangmatagalang pangangalaga mula sa iyong kabuuang nabubuwisang kita bawat taon. Matuto pa ng higit sa drs.wa.gov/life/retired/.

Paano gumagana ang iyong pagbabayad ng pensiyon

- Sa parehong buwang magretiro ka, matatanggap mo ang iyong unang bayad sa huling araw ng negosyo ng buwang iyon. Kung hindi mo natanggap ang iyong bayad, kontakin ang DRS.
- Pagkatapos mong magretiro, padadalhan ka namin ng sulat kasama ang impormasyon ng iyong buwanang benepisyo. Siguraduhing ang iyong impormasyon sa sulat ay tama.
- Kapag natanggap mo ang iyong unang buwanang benepisyong bayad, siguraduhing tama ang mga pagbabawas sa iyong statement. Kontakin ang DRS kung mayroon kang mga tanong tungkol sa anumang
hindi medikal na seguro na mga pagbabawas.

Panatilihing updated ang iyong address at impormasyon ng benepisyaryo sa DRS.

Magsaya sa pagreretiro!